Bago ang lahat, hinagod mo ng tingin ang apartment. Lumigoy ang mga mata sa mga palapag, haligi, biga, bintana hanggang magsalubong ang mga kilay sa pagsipat sa alulod, kisame, mga bombilyang tumatanglaw sa bangketa kung gabi. *Ganitong oras, ganito kaingay.* Pinapasok ka ng katiwala ng apartment sa silid. Kinatok at natagpuan ang hungkag na bahagi ng dingding: *Dito pumapasok ang tubig, dumaraan ang langgam.* Ibinukas-sara ang kabinet sa kusina: isa dalawa tatlo... hanggang may turnilyong magkanulo.

Pagsara mo ng pinto, narito ka na para sa iyong kapitsilid. Naaabutan mong hapunan ang bagsak ng kutsara (o kutsilyo) sa kisame mong sahig ng umuupa sa silid sa itaas mo. Ako ang kapitsilid na awtomatiko ang pagsagap ng tunog kahit hindi na magawang maghilamos pagkatapos mahubad ng mga paa ang mga sapatos. Kapwa tayo nakikinig. Inaayos ko ang antena ng telebisyon para sa mga huling balita ng aliw o ligalig. Iyon ang pitik pitik pitik ng mga kandado ng pintong maaari o hindi natin bubuksan sa tawag ng emerhensiyang makatatagos sa kanya-kanyang panaginip. Marahil nakausap natin ang mga mahal sa buhay sa probinsiya bago matulog kaya't nakangiti tayo (o nanlulumo) sa pagpikit.

Ito ang pagkakasunod-sunod ng mga kandado:

Sliding Chain Door Guard Kung nakakadena ang pinto sa pagtulak mo paloob, hindi makikita ang kama at pinto ng banyo mula sa halos tatlong pulgadang awang ng pinto sa pintuan.

Deadbolt Lock Sa pagkandado, bumabaon nang malalim sa pintuan ang bolt nito. Upang mabuksan ang pinto, kailangang ikutin ang silindro nito sa pamamagitan ng pagsusi mula sa labas.

Entry Lockset Isang medium security na kandado. Maikakandado ang pinto sa pagpindot ng buton ng knob nito sa loob at mabubuksan naman sa pagpihit ng knob mula sa loob o pagsusi nito mula sa labas. May dalawa hanggang tatlong segundo ang pagsusi at pagpihit ng knob, depende sa pagod ng katawan sa maghapon o sa dami ng bitbit na pinamiling gamit.

Araw ng pahinga. Hindi mabuo-buo ang mukha ng lalaking nakalugay ang buhok habang nagpapakain ng kalapati. Tantiya mo'y nasa kabilang kalye ang tinitingnang bubong kung hindi man sa kasunod pa. Tuloy-tuloy kahit hindi mo pinatutuloy: palahaw ng batang nadapa o hinahambalos ng ina, harurot ng mga traysikel ng magkalabang pila, musika ng bisikleta ng sorbetes na paulit-ulit sinasagasaan ang mga pato ng piko sa kalsada. Inuusisa ng lalaki ang mga pakpak ng kalapati. Bubong. Gulong. Ano'ng ibinubulong? Humuhuni kaya ang ibong puwersahang nakadipa?

Tinalikuran mo ang bintana. Binuksan ang pinto: awang na sapat para sa sobre ng bayarin kada buwan. Sinilip mo ang ngiti ng tagahatid ng galon ng malinis na tubig, sandaling naligaw sa dilim ng nawawala niyang ngipin bago ang kalampag ng de- gulong na bag ng estudyanteng hapo ang mga matang hindi pa tanaw ang kanyang palapag. Panibagong pagtitig sa mata ng iba. Awang na sapat upang maisagawa ang unang husga: *Maingay. Sa pagkaladkad pa lang ng bag, walang pakialam. Malinis sa katawan. Maaliwalas ang mukha. Mahusay manamit, lumilitaw ang batang-hubog ng katawan. Maingay. Padabog ang mga hakbang sa bawat baitang. Makintab ang nakalugay na buhok. Nakairap sa awang.* Pagsisilid ng mga titig.

Nang binalikan mo ang kalapati sa mga kamay ng lalaki, palahaw ngunit hindi na sa bata. Nasa itaas na ang kalampagan. Paghahawan ng mga gamit, bagsak ng bag sa sahig, pagbukas ng isa dalawa tatlong bintana, musika laban sa balita.

Kumakatok sa aking pinto ang aking kapitsilid. Humihingi ng paumanhin. Bago niya simulan ang panibagong pagsasalansan ng kanyang mga gamit. Bago niya ipako ang krusipiho sa tapat ng ulunan ng aking kama. Bago ako magising. Hindi pa iyon ang oras ng aking paggising. Sabi ko, *Walang problema.* At ang totoo, wala namang problema. Dingding niya ang aking dingding, ngunit hindi ito nangangahulugan na bawat ingay na likha ng sinuman sa amin ay kailangang ihingi ng paumanhin. Inisip kong ito ang kanyang pahiwatig na kung tunay na makaaabala sa kanya, ipagpaalam ko rin ang anumang ingay na aking lilikhain. O sadyang sensitibo lang ang taong ito sa espasyo ng iba: kapag nauna kang magsampay, hindi itatabi ang kanyang mga damit sa iyong nilabhan kahit na hindi mo naman nasakop ang buong haba ng sampayan; kapag nagkasabay, hahayaan ka munang makababa o makaakyat bago niya gamitin ang hagdanan.

Hinawi mo ang kurtina sa kusina. Binuksan ang kabinet sa taas ng lababo. Salansan ng mga Tupperware, pitsel, sabong panlaba, posporo. Kapa sa tadtaran, kapa sa kutsilyo. Saglit na nawala sa kahon ng bintana. Bagsak ng initsang kamatis sa lababo. Pagbalik sa bintana, kamot sa bayag. Hugas ng bandehado. Kayod ng kutsara sa tutong sa kaldero. Gayat ng sibuyas. Pahid ng luha. Harap sa sarili sa kabilang bintana. Salubong ang kilay. Salubong ang ingay. Nagpaunahan kayong magsara ng bintana.

Ito ang mga pangalan ng mga dingding:

pitumpu't pitong pagod na paa

halinghing sa piling ng isa't isa

tangina, ano lumalaban ka na?

ang naririnig ko: sariling paghinga